34103.13

# LIBERATION

TANGING LABAS BLG. 2 INILATHALA NG PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE NG PILIPINAS SET. 21, 1984

## Pabagsak na ang diktadura, mananaig ang sambayanan

Ngayong ika-21 ng Setyembre ay araw ng pagdiriwang. Hindi para batiin ang ikalabindalawang taon ng batas militar. Kundi para magpugay sa matatag na pakikibaka ng sambayanan upang wakasan ang kinamumuhiang diktadurang US-Marcos. Hindi para batiin ang patuloy na mapang-aping paghahari ng diktadura. Kundi upang ipagbunyi ang nalalapit nitong katapusan.

Labindalawang taon ang nakaraan, ipinataw ang batas militar upang sugpuin ang pampulitikang pagtutol. Ngayon, walang kapantay ang naging paglaki at paglakas ng hanay ng mga anti-diktadurang pwersa. Sumusulong sa lahat ng larangan – armado at di-armado, hayag at lihim, ligal at iligal, sa kalunsuran at kanayunan – ang mga militante at makatarungang pakikibaka ng mamamayan.

Labindalawang taon ang nakaraan, nagluwal ng isang malupit na diktadura ang krisis ng isang atrasadong lipunang dominado ng imperyalista. Sa paglipas ng taon, bunga na rin ng mga pangkabuhayan at pampulitikang hakbang ng rehimen laban sa mamamayan, lumubha ang krisis. Ngayon, tinutulak ng matinding krisis na ito ang diktadura sa bingit ng pagbasak.

Totoo ngang ang ikalabindalawang taon ng paghahari ay okasyon ng pagdiriwang. Isang hamon ito sa atin na samantalahin ang mga napakainam na kalagayan para patindihin ang ating paglaban sa lahat ng larangan at biguin ang mga desperadong maniobra ng imperyalismong US sa kasalukuyan para panatilihin ang paghahari nito sa Pilipinas nang lampas pa sa tagal ng paghahari ng pangkating Marcos.

### Ang Rehimen: Batbat ng Krisis

Mistulang hayop na nasukol ang rehimeng US-Marcos. Sumusuray-suray na ito sa mariiing dagok na dulot ng pinakagrabeng krisis pampulitika at pang-ekonomya sa kasalukuyan.

Sa kabila ng ipinangangalandakan nitong tagumpay sa eleksyon para sa Batasang Pambansa, nabigo ang rehimen sa pakay nitong pahupain ang pag-ahon ng malawakang protesta at hatiin ang hanay ng mga pwersang anti-diktadura. Kabaligtaran sa inaasahan nitong ibuslo sa loob ng kontroladong larangang parlamento ang pakikibaka ng sambayanan ang naganap noong halalan. Naging tampok pa nga noong mismong panahon ng kampanya ang mga malawakan at militanteng aksyong masang tumutuligsa, bukod sa iba pa, sa awtokratikong kapangyarihan ni Marcos at sa aktibong pagsuporta ng US sa mga anti-demokratiko at anti-nasyonal na patakaran ng rehimen.

Sa kabila ng walang humpay na kampanyang kontra-insureksyon ng rehimen sa kanayunan para sugpuin ang rebolusyonaryong armadong pakikibakang inihuhusad ng New People's Army (NPA) at ng iba pang grupo, sumusulong ang armadong pakikibaka at umaani ito ng mas malalaking tagumpay sa buong kapuluan. Kongkretong sukatan nito ang lumalapad na saklaw ng pagkilos ng NPA, ang lumalawak na impluwensya nito at ang kanyang lumalaking armadong lakas. Sa kasalukuyan, may 45 larangang gerilya sa buong bansa, na sumasaklaw sa 53 lalawigan at 10,000 baryo, at may mahigit sa 20,000 Pulang mandirigma. Ayon sa panimulang riport mula sa LIBERATION, nitong nakaraang eleksyon, nakatikim ng pinakamalaking dagok sa kasaysayan ng 15-taong labanang gerilya sa bansa ang rehimen. Naglunsad ng 60 opensibang militar ang mga gerilyang NPA mula Marso 16 hanggang Mayo 24, nakapatay ng 143 tropa ng kaaway at nakasamsam ng 278 matataas na kalibreng armas.

Maging ang hayag na kilusang masa sa mga sentrong lunsod ay mabilis na sumusulong. Lubhang nabahala ang rehimen di pa man nakakaraan ang isang buwan matapos ang eleksyon. Muling tumampok ang militanteng pwersang anti-diktadura para protestahan ang pangalawang debalwasyon ng piso na siyang nagbunga ng panibagong pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

Maningning na ipinamalas ng mga aksyong masang naganap noong Hulyo 6 hanggang 27, at Agosto 12 hanggang 21 ang naaayon sa prinsipyong pagkakaisa at paninindigan ng mga militanteng anti-diktadurang pwersa na labanan ang tumitinding panunupil ng rehimen. Hinatak nito ang ilang oposisyonistang mambabatas na lumahok sa mga hayag na aksyong protesta at manindigan sa mahahalagang isyu tulad ng mapaniil na estado at kontrol ng imperyalismong US sa ekonomya ng Pilipinas. Walang duda na sa mga pagkakataong ito'y naladlad ang pagkabigo ng mga pakana ni Marcos na akitin ang oposisyon na makipag-isang prente sa kanya laban sa mga "subersibo."

Subalit para sa rehimen ni Marcos, marahil wala nang pasaning bibigat pa kaysa sa malubhang krisis pang-ekonomya. Di lamang bangkarote ngayon ang ekonomya ng Pilipinas – bumabagsak ito. Tanging ang ilang panaka-nakang pagpasok ng utang mula sa mga pandaigdigang ahensya ng pananalaping kontrolado ng US tulad ng IMF at World Bank ang bumubuhay dito. Kahit na naririyan ang pahayag na malapit nang umahon sa krisis, wala pa ring kumpyansa ang mga lokal at dayuhang mangangalakal sa rehimen at sa mga teknokrat nito. Ang totoo, walang kasintaas ang tantos ng implasyon, patuloy ang pagbulusok ng halaga ng piso, dumarami ang nawawalan ng hanapbuhay at nadaragdagan ang bilang ng mga empresang napipilitang magsara. Ginagatungan ng mga ito ang naglalagablab na pagkamuhi at protesta ng lahat ng sektor ng lipunan laban sa diktadura.

Napakalawak na ang naaapektuhan ng krisis pang-ekonomyang na siyang pinakamatindi mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Dahil dito'y mabilis na kumakalat ang reklamo maging sa hanay ng mga malalaking komprador, panginoong maylupa at lokal na negosyante. Bagamat dati silang sumusuporta kay Marcos noong mga unang taon ng batas militar, tumitipa na sila ngayon ng ibang tugtugin. Sa kanilang mga sariling organisasyon o sa pakikipagtulungan sa ilang oposisyonista sa Batasan, lumalakas ang panawagan nila sa pagwawakas ng monopolyo ni Marcos sa kapangyarihan at sa paglalansag ng *crony capitalism*. Dumarami ang umiiwas sa aktibo at hayag na pagsuporta sa rehimen at lihim o hayag na sumusuporta sa ilang mga tradisyonal na oposisyonista.

Isa pang tanda ng pagiray ng paghaharing Marcos ang malawakang dismoralidad na umaagnas sa mababang baytang ng burukrasya at militar. Dahil tumatalab sa kanila ang krisis pang-ekonomya at pagbulwak ng malawakang protesta matapos ang pagpatay ng rehimen kay Aquino, maraming tauhang ng pamahalaan ang sumasali sa mga aksyong protesta o di kaya'y lihim na nag-oorganisa at nagpopropaganda sa kanilang mga tanggapan. Sa larangan ng digmaan, di iilang sundalo ng AFP ang sumasampa sa NPA o

simpleng nagbibitiw sa serbisyo. Binibitak ang dating solidong bloke ng rehimen ng mga umiigting na hidwaan at pagtatalilis sa loob ng KBL.

## Isang Bagong Pakana

Aburido ang US sa tindi ng krisis na bumabayo sa papet nitong rehimen. Lubhang nababahala ito sa kakayanan ni Marcos na panghawakan ang mga pampulitikang pangyayari sa bansa. Balisa ito sa kawalang kapangyarihan ng rehimen na sugpuin ang paglakas ng kilusang anti-diktadura, lalo na't tumatalas ang bira nito sa imperyalismong US bilang pangunahing tagapagtaguyod at prinsipal na nakikinabang sa rehimen.

Bunga nito'y gumawa ang US ng mga bagong pamamaraan para makaangkop sa mga pampulitikang pagbabago. Dalawa ang pakay ng bagong pakana nito: 1) iwasan ang wala sa panahong pagbagsak ni Marcos, at 2) pigilan ang tuluyang pagsabog ng isang sitwasyong krisis at tiyakin ang mapayapang pagpapasa ng kapangyarihan sa isang mas matatag, subalit maka-US na reaksyonaryong rehimen, sa pagkakataong di na kayang maghari pa ni Marcos.

Ibig sabihi'y habang ipinagpapatuloy pa rin ng US ang pagsuporta kay Marcos bilang pangunahing papet nito, magbibigay ito ng mas malakas na presyur upang basagin ang kanyang monopolyo ng kapangyarihan. Sa katunayan, sinimulan nang palargahin ng US ang pakanang ito. Hinahayaan nito na patuloy na dumaloy ang ibat ibang uri ng pantawid-buhay na *bilateral aid* sa bangkaroteng rehimen, habang ipinagkakait nito ang mas malalaki at mahahalagang tulong para makapiga pa siya ng dagdag na konsesyon.

Bale pa, nakikipagkutsabahan ang US sa isang bahagi ng lokal na naghaharing uri sa paglulunsad ng kampanya sa paglalansag ng monopolyo ni Marcos sa kapangyarihan. Para matiyak ang katapatan ng mga disgustadong elementong ito na nagmula sa malaking burgesya at maalagaan sila bilang mga reserbang kabayo na magagamit sa panahong wala na si Marcos, matamang kumakayod ang US para mabahaginan sila ng nararapat na kapangyarihang pampulitika. Walang duda na pinalalakas ng pakanang ito ang makitid na repormismong parlamentaryo at itinataguyod ang limitadong larangan ng eleksyon. Lahat ng ito'y tangka upang pahinain ang tangkilik sa armadong rebolusyon.

Malinaw ang layunin ng bagong pakanang ito. Isa ay upang pigilin ang pagbagsak ng kasalukuyang kaayusan ng estado na siyang nagseseguro sa malalawak na pang-ekonomya at pangmilitar na interes ng US at nagpapanatili sa kontrol nito sa lahat ng larangan sa Pilipinas. Ang isa pa'y kitlin, o tuluyang sagkaan, ang patuloy na paglakas at pag-abante ng mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa. Sa pamamagitan nito'y inaasahan ng US na mapipigil nito ang saligang pagbabago ng lipunang Pilipino ayon sa pambansa-demokratikong oryentasyon na tiyak na kokontra sa kanyang mga estratehikong interes.

## Isulong ang Digmang Bayan

Nananatiling sentral na usaping pampulitika sa kasalukuyan ang pagpapabagsak sa pasistang diktadurang US-Marcos. Mas nagiging mahalaga ang usaping ito sa ngayon. Di lamang ito dahil sa malubhang kahirapan, pagdarahop at kaapihang dinaranas ng sambayanang Pilipino kundi lalo pa dahil sa malalaking pag-abante ng pakikibaka ng sambayanan at ang napipintong pagbagsak ng diktadura. Sa kabilang banda, mahalaga rin ang usaping di dapat payagan ang US na idiskaril ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan upang mapatagal ang buhay ng kasalukuyang naghaharing sistema.

Subalit papaano pababagsakin ng sambayanan ang kasalukuyang rehimen? Papaano bibiguin ang mga tusong pagmamaniobra ng US na naglalayong patatagin ang dating kaayusan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga repormang palamuti at simpleng pagbabalasa ng mga papet?

Digmang bayan ang kasagutan. Ito ay digmaang inilulunsad mismo ng mamamayan at siyang naglalatag ng solidong batayan para sa pagtatayo ng isang demokratikong pamahalaang koalisyon at sa pagluluwal ng isang tunay na makatarungan, malaya at nagsasariling Pilipinas.

Dahil nakapaghahari ang diktadura sa pamamagitan ng armadong lakas na sinusuhayan ng pinakamakapangyarihang imperyalistang bansa sa buong mundo, armadong pakikibaka ang pinakamapagpasiyang pakikibakang dapat nating itaguyod. Ito ang aral na itinuturo sa atin ng kasaysayan ng ating sariling pakikibaka laban sa dayuhan at lokal na reaksyonaryong paghahari. Matingkad rin ang aral na ito sa harap ng tumitinding paninibasib ng rehimen laban sa militante at makatarungang pakikibaka ng sambayanan.

Nananawagan ang National Democratic Front sa lahat ng ating mga kababayan na magbigay ng suportang propaganda, armas, materyal at pinansiya sa armadong pakikibaka. Sa mga opisyal at tauhan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas (*Armed Forces of the Philippines*), nananawagan rin kami na makiisa kayo sa makatarungang pakikibaka ng sambayanan at itutok ang inyong mga baril sa tunay na kaaway – ang rehimeng US-Marcos. Nananatiling bukas ang pinto para sa mga tunay na makikiisa sa panig ng mamamayan.

Nananawagan din kami sa ating mga mamamayan na suportahan ang operasyon ng mga armadong partisano sa kalunsuran sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga *combat support network* na magsisilbi sa mga partisano. Inilunsad na ang digmang partisano sa ilang bayan at lunsod at ito'y lumalaganap. Ngayon, hindi na mapapalampas ang bawat malagim na teroristang hakbang ng mga tropang tuta at espiya ng rehimen laban sa mga mamamayan nang walang kabayaran sa dugo.

Kailangang pabilisin natin ang pag-oorganisa sa mga komunidad, pabrika, tanggapan at paaralan. Kailangang ipagpatuloy ang pagpapalawak at pagpapalakas sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa at sa loob nito'y magtayo ng komite para mapalahok ang masang kasapian sa ibat ibang tungkulin sa rebolusyonaryong pakikibaka. Kasabay nito, kailangang ihanda ang hayag na kilusang masa sa mas matinding pananalakay ng rehimen sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga komite sa pagtatanggol-sa-sarili (*self-defense committees*).

Bukod dito, kailangan ding ipagpatuloy ang pagtatayo ng mga ligal na organisasyon at alyansa at palakihin ang bilang ng kanilang kasapian. Kailangang mapakilos ang mga ito para sa ibayo pang pagsulong ng hayag na demokratikong kilusang protesta. Habang kinukunsentra natin ang ating atake sa pasistang diktadura ni Marcos bilang pinakalitaw at kagyat na target, kinakailangang birahin din ang imperyalismong US bilang pangunahing kaaway ng sambayanang Pilipino, lalung-lalo na dahil sa mga kasalukuyang pakana nito.

Nananawagan din kami sa sambayanang Pilipino at lahat ng pwersang pampulitikang lumalaban na magkaisa para pabagsakin ang kasalukuyang diktadurang US-Marcos. Walang kalaban-laban ang diktadura sa harap ng ating malawak, matatag, at nagkakaisang hanay. Para maging matatag, naniniwala kami na dapat ibatay ang pagkakaisang ito sa isang malinaw na paninindigang anti-pasista, anti-imperyalista at anti-pyudal. Gayunman, nananatiling bukas kami sa pakikipag-alyansa sa lahat ng positibong pwersa batay sa mga kagyat na layuning kapwa makikinabang ang bawat panig at makapagpapasulong sa pakikibaka laban sa kasalukuyang rehimen.

Kailangan ding magkaisa ang mga pwersang anti-diktadura batay sa prinsipyo ng pagtataguyod ng lahat ng positibong porma ng pakikibaka laban sa rehimen -- armado o di-armado, iligal at ligal, lihim at hayag. Ang kombinasyon at pagtutulungan ng ibat ibang porma ng pakikibaka ang siyang makapagbibigay ng pinakamalakas na dagok sa kaaway at makakapukaw sa pinakamaraming bilang ng mamamayan na sumalimag-ambag sa kabuuang rebolusyonaryong pagsisikap.